Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-SIYAM NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-1 NG MARSO, 1995 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1.	Kgg. ANTONIO B. DICTADO	- Pang. Punong-bayan Namuno
2.	Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr.	- Kagawad
3.	Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad
4.	Kgg. URBANO J. DIA	- Kagawad
5.	Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR	- Kagawad
6.	Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE	- Kagawad
7.	Kgg. ROGELIO L. LIJAUCO	- Kagawad
8.	Kgg. RUFINO P. TAPANGCO	- Kagawad
9.	Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay

Mga Di-Dumalo:

1.	Kgg. ERIC T. PUZON	- Kagawad
2.	Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN	- Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

****

KAPASIYAHAN BLG. 44-'95
(Sa mungkahi ni Kag. Tiongco na pinangalawahan ni Kag. Catindig)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPATIBAY SA KAHILINGAN NG SANGGUNIANG KABATAAN NG BARANGAY CAINGIN NA MAGTAGUYOD NG "TWO (2) COCK DERBY" SA DARATING NA MARSO 29, 1995.

YAYAMANG, ang Sangguniang Kabataan ng Barangay Caingin ay humiling na mapahintulutan ng kapulungan na makapagtaguyod ng "two (2) cock derby" sa darating na Ika-29 ng Marso, 1995 upang ganansiya ay magamit sa iba't-ibang proyekto ng nabanggit na Sangguniang sa kapakanan ng pamayanan lalong-lalo na ng mga kabataan;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagpapatibay sa kahilingan ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Caingin na magtaguyod ng "two (2) cock derby" sa darating na Marso 29, 1995.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-9 na Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-1 ng Marso, 1995.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim